

Stop 「Corona virus ・ Harassment」 (Announcement)

1 「Corona virus ・ Harassment」 ?

Dahil hindi natin alam ang kumakalat na Coronavirus kaya talagang maraming tao ang takot na takot.

Pero dahil sa takot ,baka may tendensiyang bawat isa ay magkaroon ng diskriminasyon sa isat isa .Hindi kaya dahil dito ay magkaroon ng Corona Harassment?

- Ang isang taong na-confine sa hospital na kalalabas lang ay sinabihan sa isang tindahan na 「Umuwi ka!」 .
- Isang tao na matapos na ma-confine,sinabihan sa kumpanyang pinapasukan niya na 「Kumuha ka ng negative result certification mula ng(corona virus) .
- Isang taong nagkaroon ng infection,na kalalabas sa hospital, ay tinanggihan ng makabalik.
- Kumalat sa Internet ang pangalan ng isang taong nahawahan ng infection.
- Isang bata na matapos ma-infection ng Covid 19 ay na-bully sa Paaralan.Umiiyak siyang umuwi ng bahay.
- May isang nagkalat ng masamang salita sa mga kapitbahay sa pamamagitan ng sulat,tungkol sa isang taong nagkaroon ng infection. .
- Sa isang restaurant,ikinalat ang tsismis na may isang tao doon na nagkaroon ng infection.
- Ang mga anak ng mga nagtatrabaho sa Hospital ay hindi tinatanggap sa Nursery o kindergarten at nakakaranas ng pambu-bully.
- May kaso din na idinidikit sa plate number ng sasakyan ang masamang salita na ito daw ay nagkaroon ng infection.
- Ang isang estudyante na nag-absent sa klase ay sinabihan ng kaibigan na ,May corona kasi.
- Ang mga batang nagkaroon ng infection na ipinaalam ng Paaralan ay natanggal sa kanilang part time job.

○Para sa counselling.Tumawag lang po sa ibabang numero.

ぎふけんじんけんけいはつせんたー

・岐阜県人権啓発センター(058-272-8252)

・Consultation counter ng municipality kung saan kayo nakatira.

2 「Pagmamalasakit」 at 「magpasalamat」

Kahit sino ay may tendensiyang ma-infection ng Covid-19.Nais nating tandaan na ang ating kaaway ay ang Virus at hindi ang tao.

Nais nating isaalang-alang ang nadarama ng taong na-infection at ingatan ang damdamin sa pamamagitan ng 「Pagmamalasakit」 . At nais nating 「magpasalamat」 sa mga Doctor a tmga staff ng hospital dahil natulungan nilang gumaling,at muling makabalik sa normal na pamumuhay ang mga taong na-infection.

Kaya sana'y sama-sama nating pagtagumpayan ang mahirap na situwasyong kinakaharap natin.

- Iwasan po nating magsalita ng masama o pam-bubully sa mga nagkasakit,mga frontliners,foreigners at mga taong nanggaling sa ibang prefectures at kanilang pamilya.
- Para sa mga hindi nakatitiyak na may nahawahan ng infection,tiyaking huwag magkalat ng tsimis sa Social net work. Nais nating ingatan ang nadarama ng iba anupat iwasang makadama sila ng pangamba.
- Nais nating ipakita ang pasasalamat sa mga front liners gaya ng mga nagtatrabaho sa hospital,mga workers na nasasangkot sa pag-measure ng corona virus,nagdedeliver ng pagkain para sa ating kaligtasan.

